

CAUSE NO. _____

THE STATE OF TEXAS

VS.

§
§
§
§
§

IN THE COUNTY COURT

AT LAW NUMBER _____ OF

FORT BEND COUNTY, TEXAS

**PAG-AMIN SA MALIIT NA PAGKAKASALA/WALANG PAGTUTOL
MISDEMEANOR PLEA OF GUILTY / NO CONTEST**

KASALANAN, SAKLAW NG PARUSA, KASUNDUAN SA PAG-AMIN (PLEA BARGAIN). Narito ngayon ang Nasasakdal sa paghaharap sa isang pag-amin tungkol dito na nirerepresenta sa Korte ang mga sumusunod: Ako ay may kakayahan sa pag-iisip at ang habla ng mallit na pagkakasala ng _____ na ang parusa ay multa na hindi lalampas sa \$_____, at/o pagkakakulong sa Fort Bend County Jail ay hindi lalampas ng _____ araw/buwan.

PAGKILALA NG MGA KARAPATAN. Nauunawaan ko na mayroon akong karapatan na: magkaroon ng hurado na magpasya sa aking pagkakasala o pagkawalang-sala, at, kung mapagpasiyahan na nagkasala, tatasahin ang aking parusa; pipilitin ang mga saksi na tumestigo sa aking ngalan; harapin at tanunging muli ang mga nag-aakusa; litisin at mapabasa ang habla sa akin sa harap ng korte; manatiling tahimik; na anumang sabihin ko ay magagamit laban sa akin; at ang karapatang mabigyan ng sampung (10) araw pagkatapos ng pagtalaga ng aking abogado bago maiharap sa pag-amin.

LIMITADONG KARAPATAN SA PAG-APELA. TUWIRAN AT IPANANAGOT NA MGA KAHIHINATNAN. Nauunawaan ko na sa isang pag-amin ng may sala o walang pagtutol, at pagtalikod sa aking karapatan sa isang paglilitis ng hurado, maaaring magtasa ang korte ng parusa nang walang ebidensiya; at kung ang korte ay hindi lumampas sa napagkasunduang rekomendasyon sa pagtatasa ng parusa na ang aking karapatang mag-apela ng aking sentensiya ay malilimita sa mga usapin na ihiharap ng nakasulat na mosyon at pinagpasiyahan bago ang paglilitis maliban kung ang korte ay nagharap ng iba pang mga usapin; kung pipiliin kong gamitin ang "limitadong karapatang mag-apela" (limited right to appeal) tulad ng naunang inilarawan, may karapatan akong irepresenta ng isang abogado at kung hindi ko kayang bayaran ang isang abogado o ang rekord ng apela, ang Korte ay magtatalaga ng isang abogado upang kumatawan sa akin sa pag-uusig ng apela; na mayroon akong tatlumpong (30) araw upang magamit ang aking "limitadong karapatang mag-apela" (limited right to appeal); na kung ako ay nasa ilalim ng superbisyon ng komunidad o parol, ang aking pag-amin ng kasalanan o walang pagtutol ay maaaring magresulta sa pagkatanggal ng superbisyon ng komunidad sa akin o parol na magresulta ng karagdagang pagkakulong; na kung ako ay mapatunayang nagkasala, ang kasong ito ay maaaring gamitin upang maragdagan ang aking parusa kung ako ay masentensiyahan sa isa pang pagkakasala; at kung naaangkop, ang aking pribilehiyo sa pagmamaneho ay maaaring kanselahin, suspindihin, bawiin; o tanggihan.

REPRESENTASYON. Ako ay nakipag-usap ng ganap sa kasong ito sa aking abogado, at sinagot niya ang bawat tanong ng kasiya-siya sa akin.

KUSANG PAGTALIKOD (WAIVER). Nang may ganap na pag-unawa sa aking mga karapatan, tinatalikuran kong kusa na may pang-unawa ang bawat karapatan na nakalista sa itaas, at nais ko, na ang pag-amin ng **MAY SALA/WALANG PAGTUTOL** sa pagkakasala na idinadahilan sa impormasyon ng Estado; at ang anumang pagdaragdag sa talata ay totoo.

PAG-AMIN. Sa harap ng korte ay naghain ako nang nakakaalam at kusang-loob sa aking pag-amin ng **MAY SALA/WALANG PAGTUTOL** sa pagkakasala na dinemanda sa impormasyon at hinihiling agad sa Korte na tapusin na ang kasong ito batay sa aking kasunduan ng pag-amin kasama ang tagausig. Nauunawaan ko rin na kung hindi susundin ng hukom ang kasunduan sa pag-amin (plea bargain), pahihintulutan akong bawiin ang aking pag-amin. Kung ako ay

naghain ng pag-aming *may sala* sa nabanggit na mga papeles, inaamin ko na ako ay nagkakasala ayon sa idinadahilan sa impormasyon ng Estado, na isinampa sa kasong ito, at ang bawat elemento ng demanda ng Estado ay totoo.

Lagda ng Nasasakdal

Petsa

Ang dokumentong ito ay isinalin ang lahat ng salita mula sa Ingles tungo sa _____.

ni: _____
Pangalan ng Tagasalin (mangyaring i-print) Lagda ng Tagasalin

PAGKILALA SA TAGAPAYO. Kumonsulta ako sa Nasasakdal na pinaniniwalaan kong may kakayahan at kung sa kanino ko lubos na ipinaliwanag ang lahat ng mga usapin na nakapaloob dito kabilang ang kahihinatnan ng imigrasyon, kung naaangkop.

BILANG ITINALAGANG TAGAPAYO. Pinapatunayan ko na tinupad ko ang aking mga tungkulin sa ilalim ng Artikulo 26.04 (j) Code of Criminal Procedure, at humihiling sa Korte na pahintulutan akong magbitiw bilang abogado na nasa rekord pagkatapos ng pagdinig na ito.

Pangalan ng Tagapayo (mangyaring i-print)

Lagda ng Tagapayo para sa Nasasakdal/Petsa

PAHINTULOT NG TAGAUSIG AT PAG-APROBA NG KUSANG PAGTANGGI SA HURADO. Ang nakalagda na Katulong na Abogado ng Distrito (Assistant District Attorney), sa ngalan ng Estado ng Texas, ay sumasang-ayon, at inaaprubahan ang kusang pagtanggig (waiver) ng Nasasakdal sa paglilitis sa pamamagitan ng hurado.

Katulong na Abogado ng Distrito, Fort Bend County

Petsa

PINANUMPAAN AT NILAGDAAN sa aking harapan ng nasabing Nasasakdal dito sa _____ araw ng _____, 20____.

Ni: _____
Deputy Clerk, Fort Bend County, Texas

PAGKAKAROON NG KAKAYAHAN. Batay sa asal at mga sagot ng Nasasakdal, **NAPAGPASIYAHAN** ng Korte na ang Nasasakdal ay may kakayahan at kusang tinatanggi ang mga karapatan na itinakda sa itaas nang may kaalaman, pag-iisip at nang kusang-loob, kabilang ang karapatan sa isang paglilitis ng hurado; at inihaharap ang pag-aming ito nang may kaalaman, pag-iisip at nang kusang-loob.

KARAPATANG MAGKAROON NG ARMAS O SANDATA, PAGKAMAMAMAYAN, MGA KAHIHINATNAN NG IMIGRASYON. Ipinaalam ko sa Nasasakdal ang katangian ng mga habla, lahat ng mga karapatan at mga kahihinatnan ng isang pag-amin ng may kasalanan o walang pagtutol; kabilang ang: na kung ang pagkakasala ay kinasasangkutan ng karahasan sa pamilya ayon sa ipinapakahulugan ng terminong iyon sa Texas Family Code, Seksyon 71.004 ay labag sa batas kapag ang Nasasakdal ay magkaroon o bumili ng armas, katulad ang isang handgun, mahabang baril, o bala, alinsunod sa pederal na batas sa ilalim ng 18 USC Seksyon 922 (g) (9), o Seksyon 46.04 (b), Texas Penal Code.

- Ipinagbigay-alam sa akin ng Nasasakdal na siya ay isang mamamayan ng Estados Unidos.
- Ipinagbigay-alam sa akin ng Nasasakdal na siya ay hindi isang mamamayan ng Estados Unidos, at pinagsabihan ko ang Nasasakdal na ang isang pag-amin ng may sala o walang pagtutol sa inihang demanda ay maaaring magresulta sa pagpapaalis sa bansa, ang pagbubukod mula sa pagpasok sa bansang ito, o ang pagtanggig sa naturalisasyon sa ilalim ng batas na pederal. Ang Nasasakdal at tagapayo ay natanggap, narepaso at naisakatuparan ang kalakip na Pagkilala Tungkol sa Mga Kahihinatnan ng Imigrasyon ng isang Pag-amin ng May Sala. Alinsunod sa Texas Code of Criminal Procedure, ang Hukom ay **NAG-AATAS** sa Opisina ng Sheriff ng Fort Bend County Sheriff at/o Fort Bend County Community Service and Corrections Department na i-report ang Nasasakdal sa naaangkop na mga awtoridad-pederal kung ang kanyang pag-amin ay sumasailalim sa Seksyon 2.25 ng Texas Code of Criminal Procedure.

PAGTANGGAP NG PAG-AMIN.

- NAPAGPASIYAHAN **ng Korte** na may sapat na impormasyon sa rekord upang payagan ang makabuluhang pagpapasya ng hatol at ang Nasasakdal ay humihiling na
huwag gawin ang report ng pag-iimbistiga bago ang hatol at ang Korte ay sumasang-ayon sa kahilingan.
- NAPAGPASIYAHAN **ng Korte** ang paghirang ng tagapayo, alinsunod sa Tex. Code Crim. P. Art 26.04(j), **NAGPAPAHINTULOT** sa mosyon ng tagapayo na magbitiw, at **NAG-AATAS** sa Fort Bend County Clerk na gumawa ng naturang entri na naglalarawan ng mosyon ng tagapayo at ang kapasiyahan ng Korte.

Tagapangasiwang Hukom

Petsa Nilagdaan

CAUSE NO.

THE STATE OF TEXAS

§
§
§
§
§

IN THE COUNTY COURT

VS.

AT LAW NUMBER _____ OF

FORT BEND COUNTY, TEXAS

**SERTIPIKASYON NG KORTE SA PAGLILITIS SA KARAPATANG MAG-APELA NG NASASAKDAL*
TRIAL COURT'S CERTIFICATION OF DEFENDANT'S RIGHT TO APPEAL***

Ako, ang Hukom ng korte sa paglilitis, ay nagpapatunay sa kasong kriminal na ito na:

- Ang ay hindi isang kaso ng plea-bargain, at ang Nasasakdal ay may karapatang mag-apela, [o]
- Ang ay isang kaso ng plea-bargain, ngunit ang mga bagay ay ihinarang ng nakasulat na mosyon na isinampa at pinasiyahan bago ang paglilitis at hindi binawi o tinalikuran, at ang Nasasakdal ay may karapatang mag-apela, [o]
- Ang ay isang kaso ng plea-bargain, ngunit ang korte ng paglilitis ay nagbigay ng pahintulot upang mag-apela, at ang Nasasakdal ay may karapatang mag-apela, [o]
- Ang ay isang kaso ng plea-bargain, at ang Nasasakdal ay WALANG karapatan ng pag-apela, [at/o]
- tinalikuran ng Nasasakdal ang karapatan ng pag-apela.

Namumunong Hukom

Petsa

Nakatanggap ako ng isang kopya ng sertipikasyon. Ipinabatid din sa akin ang aking mga karapatan tungkol sa anumang apela sa kasong kriminal na ito, kabilang ang anumang karapatang magharap ng isang *pro se* na petisyon para sa pagsasaalang-alang ng pagrepaso alinsunod sa Rule 68 ng Texas Rules of Appellate Procedure. Pinayuhan ako na ang aking abogado ay dapat magpadala ng isang kopya ng paghatol at opinyon ng korte ng apela sa pamamagitan ng koreo sa aking huling kilalang adres at mayroon lamang akong 30 araw kung saan makapaghahain ng isang *pro se* na petisyon para sa pagrepaso sa korte ng pag-apela. Tex. R. App. P. 68.2. Kinikilala ko na, kung nais kong mag-apela sa kasong ito at kung karapat-dapat akong gawin ito, tungkulin kong ipaalam sa aking abogado sa pag-apela, sa pamamagitan ng nakasulat na komunikasyon, ng anumang pagbabago sa adres na kasalukuyan kung tinitirahan o anumang pagbabago sa aking kasalukuyang yunit ng bilangguan. Nauunawaan ko na may katapusan ang pag-apela, at kung hindi ko na ipaalam sa aking abogado ng pag-apela sa tamang panahon ang anumang pagbabago sa aking adres, maaaring mawalan ako ng pagkakataon na magharap ng isang *pro se* na petisyon para sa pagpapasya.

Nasasakdal

Abogado ng Nasasakdal

Adres sa Koreo

State Bar of Texas ID Number

Numero ng Telepono

Adres sa koreo

Fax number (kung mayroon man)

Numero ng Telepono

Email (kung mayroon man)

Fax number (kung mayroon man)

*Ang Nasasakdal sa isang kasong kriminal ay may karapatang mag-apela sa ilalim ng mga patakarang ito. Ang paglilitis sa korte ay dapat magpasok ng isang sertipikasyon ng karapatan ng Nasasakdal na mag-apela sa bawat kaso kung saan ito ay nagharap ng isang paghuhusga ng pagkakasala o iba pang kautusan na maaaring mai-apela. Sa isang kaso ng plea bargain, isang kaso kung saan ang pag-amin ng Nasasakdal ay nagkasala o walang pagtutol at ang parusa ay hindi lalampas sa parusang inirekomenda ng tagausig at sumang-ayon ang Nasasakdal, ang isang nasasakdal ay maaaring mag-apela lamang: (A) iyong mga bagay na ihinarap ng nakasulat na mosyon na isinampa at pinasiyahan bago ang paglilitis, o (B) matapos makuha ang pahintulot ng korte ng paglilitis upang mag-apela. TEXAS RULE OF APPELLATE PROCEDURE 25.2(a)(2).

THE STATE OF TEXAS

VS.

§
§
§
§
§

CAUSE NO.

IN THE COUNTY COURT

AT LAW NUMBER _____ OF

FORT BEND COUNTY, TEXAS

APIDABIT
AFFIDAVIT

I. APLIKASYON PARA SA PROBASYON NG NASASAKDAL

Ako, ang nakalagda, at ang Nasasakdal dito, ay naghaharap nitong nakasulat na Aplikasyon para sa Probasyon bago ang paglilitis, at mataimtim na nanunumpa :

- A. Na hindi pa ako kailanman na nasentensiyahan dito o sa iba pang hurisdiksyon sa isang mabigat na krimen o sa isang maliit na pagkakasala na ang pinakamataas na pinapayagang parusa ay sa pamamagitan ng pagkakakulong o lumalampas ng Dalawang Daang Dolyar (\$200.00) na multa, maliban sa mga sumusunod: _____

- B. Na hindi pa ako nabibigyan ng probasyon sa ilalim ng Texas Misdemeanor Probation Law o sa iba pang batas sa probasyon sa nakaraang limang (5) taon, maliban sa mga sumusunod: _____

- C. Na nabasa ko ang Aplikasyong ito at kinikilala at nauunawaan na mailalagay ako sa ganoong makatuwirang mga takda at kondisyon ng probasyon ayon sa hinihiling ng Korte at itinakda dito sa ibaba, kabilang ang pagsasauli sa mga nagastos ng Fort Bend County para sa aking abogado na itinalaga ng korte, kung ang Korte ay nagtalaga ng isa upang kumatawan sa akin tungkol dito; at sa pamamagitan nito ay sumasang-ayon ako na sumunod sa lahat ng mga nasabing takda at kondisyon ng probasyon.

Lagda ng Nasasakdal

Petsa

Humarap sa akin, ang nakalagda na County Clerk ng Fort Bend County, Texas, nitong _____ araw ng _____, 20____, ng personal at humarap ang nasasakdal ayon sa nabanggit sa itaas na pamamaraan at may titulong usapin, at, sa harap ng Korte, pagkatapos manumpa nang nararapat sa aking harapan, ay isinakatuparan ang nasa itaas na dokumento sa mga bahagi na ipinakita at inihayag na ang mga katibayan na nandoon ay totoo at wasto.

LAURA RICHARD, County Clerk
Fort Bend County, Texas

Ni: _____
Pumapangalawa

Inaprubahan nitong _____ araw ng _____, 20_____.

Katulong na Abogado ng Distrito

Abogado para sa Nasasakdal

CASE NO. _____

THE STATE OF TEXAS

§
§
§
§
§

IN THE COUNTY COURT

V.

AT LAW NO _____ OF

FORT BEND COUNTY, TEXAS

ABISO NG PANGHUKUMANG KAPATAWARAN (JUDICIAL CLEMENCY) PARA SA MGA NASASAKDAL NA GINAWARAN NG SUPERBISYON NG KOMUNIDAD (PROBASYON)
NOTICE OF JUDICIAL CLEMENCY FOR DEFENDANTS PLACED ON COMMUNITY SUPERVISION (PROBATION)

Ikaw ay inaabisuhan sa pamamagitan nito na kung ang Korte ay nakatitiyak na katanggap tanggap mong natupad ang mga kondisyon sa superbisyon sa iyo ng komunidad (sa sumusunod na bahagi nito ay "probasyon"), sa oras ng pagtatapos ng iyong probasyon, kung natupad ang tiyak na mga pangangailangan, maaari kang makatanggap ng panghukumang kapatawaran mula sa Korte.

Sa ilalim ng Artikulo 42A.701, Code of Criminal Procedure, maaaring gamitin ng Korte ang pagpapasya nito upang gamitin ang panghukumang kapatawaran sa pagtatapos ng iyong probasyon kung:

1. Ang Korte ay nakatitiyak na katanggap tanggap mong natupad ang mga kondisyon ng iyong probasyon;
2. Ang mga katakdaan ng iyong probasyon ay nawalan na ng bisa, kabilang ang anumang sinusugan o binagong takda ng iyong probasyon;
3. Tatanggalin ka ng Korte mula sa probasyon; at
4. Isinasantabi ng Korte ang hatol sa iyong kaso o pinapayagan kang bawiin ang iyong pag-amin.

Kung natutugunan ang mga pangangailangan sa itaas, ang Korte ay awtorisado na ipawalang-halaga ang akusasyon, reklamo, impormasyon, o pag-aakusa laban sa iyo at palayain ka mula sa lahat ng mga parusa at kapansanan na bunga ng iyong sentensiya o pag-amin. Gayunpaman, kung pakakawalan ka ng Korte mula sa mga kahihinatnan ng iyong sentensiya o pag-amin, kung ikaw ay nahatulan nang kasunod sa isa pang pagkakasala, ang iyong sentensiya o pag-amin ay ipapaalam sa hukom, at kung ikaw ay isang aplikante para sa o mayhawak ng isang lisensya na inisyu ng Department of Family and Protective Services (sa sumusunod na bahagi nito ay "Departamento"), maaaring isalang-alang ng Departamento na natanggap mo nang dati ang probasyon bilang isang kadahilanan sa pagpapalabas, pagpapabago, pagtangi o pagbawi ng lisensya.

NILAGDAAN nitong _____ araw ng _____, 20_____.

TAGAPANGASIWANG HUKOM

ANG MGA NASASAKDAL NA NAHATULAN NG: ILANG MGA PAGKAKASALA NA MAY KINALAMAN SA PAGGAMIT NG ALKOHOL (SEKSIYON 49.0 4-49 .08, CCP), ISANG PAGKAKASALA NA KINAKAILANGAN NG PAGPAPAREHISTRO BILANG ISANG SEX OFFENDER, O ISANG KASALANAN NA INILARAWAN SA ARTICLE 42A.054, CCP, AY HINDI NARARAPAT SA PAGPAPAYONG ITO AT HINDI KARAPAT-DAPAT PARA SA PANGHUKUMANG KAPATAWARAN MULA SA ISANG HUKOM.

CASE NO. _____

THE STATE OF TEXAS § **IN THE COUNTY COURT**

§

VS. § **AT LAW NO** _____ **OF**

§

§ **FORT BEND COUNTY, TEXAS**

KAUTUSAN SA SUPERBISYON NG KOMUNIDAD SA PROBASYON
ORDER OF COMMUNITY SUPERVISION PROBATION

Sa araw na ito sa ika- _____ araw ng _____, 20_____, ang Nasasakdal ay personal (at may kasamang abogado, _____) at sa harap ng korte ay ipinasok ang kanyang pag-amin na _____ **nagkasala/nolo contendere** sa paratang na _____ na isang maliit na pagkakasala (misdemeanor), ayon sa sinasabi sa impormasyon. Tinanggap ng Korte ang pag-amin ng Nasasakdal sa narito

, at matapos marinig ang lahat ng katibayan para sa Estado at ng Nasasakdal at argumento ng tagapayo, napagpasiyahanang nagkasala ang Nasasakdal alinsunod sa maliit na pagkakasala ng paratang sa impormasyong iniharap bilang ebidensya na kalakip dito, at tinatasa ang parusa ng Nasasakdal sa multang \$_____at _____ mga araw ng pagkakakulong sa Fort Bend County Jail, kasama ang lahat ng mga nagastos sa ngalang nito.

Iniharap sa Korte, gayunpaman, na bago ang paglilitis na ito, ang Nasasakdal ay gumawa ng aplikasyon sa pagsulat at sa ilalim ng panunumpa sa Korte para sa paglilitis dito; at ito ay lumilitaw sa Korte na ang Nasasakdal ay nagbibigay-kasiyahan sa Misdemeanor Probation Law ng Texas at ang mga layon ng hustisya at ang pinakamabuting interes ng lipunan at ng Nasasakdal ay iniharap sa pamamagitan ng pagbibigay sa Nasasakdal ng probasyon sa kadahilanang ito.

KUNG SA GAYON, ISINAALANG-ALANG, INIAATAS AT HINAHATULAN ng Korte na ang Nasasakdal ay, at ipinasasailalim sa probasyon sa kadahilanang ito sa loob ng _____buwan mula sa petsang ito, sa mga sumusunod na takda ng mga kondisyon, sa katotohanan: na sa panahon ng takda ng probasyon, ang Nasasakdal ay dapat na:

1. Huwag gumawa ng pagkakasala laban sa mga batas ng Estado na ito o sa iba pang estado o sa Estados Unidos;
2. Iwasan ang mga nakakapinsala o mapanirang mga gawi. Ipinagbabawal sa iyo na gumamit, magmay-ari, o magkonsumo ng anumang kontroladong substansiya, mapanganib na droga, marijuana o inireresetang gamot na hindi inireseta nang tiyak sa iyo sa pamamagitan ng pagreseta ayon sa batas;
 - Ipinagbabawal sa iyong gumamit, kumonsumo o magkaroon ng mga inuming nakalalasing.
3. Iwasan ang mga tao o lugar na may masamang reputasyon o nakapipinsalang karakter (kabilang ang madalas na pagpaparoo't parito sa mga lugar kung saan ipinagbibili ang mga inuming nakalalasing o sinisilbi;
4. Mag-ulat ng personal o ayon sa direksyon ng iyong Opisyal ng Pagwawasto sa Komunidad (Community Corrections Officer), sa Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County habang nasa karaniwang oras ng pagtatrabaho sa nasabing departamento sa petsa ngayon at sa parehong petsa ng bawat buwan pagkatapos nito maliban kung ang isang magkakaibang petsa ay ibinigay sa iyo ng iyong Opisyal sa Pagwawasto ng Komunidad. Sundin ang lahat ng mga tuntunin at mga regulasyon ng Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County (Department of Community Supervision and Corrections of Fort Bend County);
5. Pahintulutan ang Opisyal ng Pagwawasto ng Komunidad na bisitahin ka sa iyong bahay, lugar ng trabaho o sa ibang lugar;
6. Sumunod sa mga alituntunin at mga regulasyon ng Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County. Umiwas sa masamang pagaasal, mapang-abusong wika o paggambala ng

kapayapaan habang naroroon sa anumang tanggapan o pasilidad ng Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County;

7. Magtrabaho nang matapat sa naaangkop na gawain hangga't maaari at magpresenta nang nakasulat na nagpapatunay ng pagtatrabaho (kabilang na ang lahat ng pagtatangka upang makakuha ng trabaho) sa iyong Opisyal ng Pagwawasto sa Komunidad sa bawat petsa ng pagre-report. Dapat mong ipaalam sa iyong Opisyal ng Pagwawasto ng Komunidad sa loob ng 24 na oras ang anumang pagbabago ng trabaho;
8. Manatili sa loob ng Estado ng Texas maliban kung nakatanggap ka ng naunang nakasulat na pahintulot mula sa Korte ng pag-alis sa Estado sa pamamagitan ng iyong Opisyal ng Pagwawasto sa Komunidad . Huwag lumipat ng iyong lugar ng tirahan maliban kung nakatanggap ka ng pahintulot mula sa Korte sa pamamagitan ng iyong Opisyal ng Pagwawasto sa Komunidad ;
9. Suportahan ang mga umaasa sa iyo sa kanilang kabuhayan at manatiling nasa oras sa mga pagbabayad ng lahat ng iniutos ng korte sa pagsuporta ng anak. Bigyan ang iyong Opisyal ng Pagwawasto sa Komunidad ng isang sertipikadong kopya ng lahat ng mga kautusan ng Korte na nangangailangan ng kabayaran sa pagsuporta ng anak;
10. Magbayad sa Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County na nagkakahalaga ng \$50.00 sa karaniwang oras ng pagtatrabaho sa Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County sa petsa ngayon at sa parehong petsa ng bawat buwan pagkatapos nito sa panahon ng iyong panahon ng probasyon. Lahat ng mga pagbabayad ay dapat na nasa anyo ng isang Money Order o Cashier Check. Hindi tatanggapin ang mga personal check;
11. Magsumite ng isang natapos nang tumpak at nilagdaang "Buwanang Ulat ng Nasa Probasyon" ng Probationer sa iyong Opisyal ng Pagwawasto ng Komunidad sa tuwing magre-report ka;
12. Dapat kang magsumite nang sapalaran(random) ng purong mga pagsusuri para sa alkohol at/o mga droga sa Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County. Ang bayad para sa nasabing pagsusuri ay dapat bayaran mo sa Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County sa loob ng sampung (10) araw ng pagbibigay ng isang ispesimen;
13. Bayaran ang mga gastos ng korte sa halagang \$ _____ sa County Clerk of Fort Bend County, Texas sa o bago ang _____, 20 _____,
14. Bayaran ang iyong multa sa halagang \$ _____ sa pamamagitan ng County Clerk of Fort Bend County, Texas sa singil na \$ _____ bawat buwan, ang unang bayad ay nakatakda sa at babayaran sa o bago ang ika-_____ araw ng _____, 20 _____, at isang kabayaran ng \$ _____ na nakatakda sa at babayaran sa parehong araw bawat buwan hanggang sa mabayaran ang kabuuang multa;
15. Bayaran ang pagbabayad-pinsala (restitution) sa halagang \$ _____ sa magkatumbas na hulugan ng \$ _____, na ang unang bayad ay nakatakda sa ika-_____ araw ng _____, 20 _____ at isang katumbas na hulugan dapat bayaran sa parehong araw ng bawat buwan pagkatapos nito hanggang sa mabayaran nang buo. Ang naturang mga bayad ay gagawin sa pamamagitan ng Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County;
16. Isauli ang nagastos ng Fort Bend County para sa bayad sa tagapayo na hinirang ng korte ng \$ _____; na babayaran sa pamamagitan ng County Clerk ng Fort Bend County, Texas, sa singil na \$ _____, bawat buwan, magsisimula sa ika-_____ araw ng _____, 20 _____, at isang katulad na pagbabayad sa parehong araw ng bawat buwan pagkatapos nito hanggang sa mabayaran nang buo;
17. Ang Nasasakdal ay magbabayad ng isang beses sa halaga ng \$50.00 sa lokal na "stoppers ng krimen"/Fort Bend County Women's Center I Fort Bend Partnership for Youth program I Behind the Badge Charities. Ang nasabing pagbabayad ay nakatakda sa, _____20_____, at babayaran sa pamamagitan ng Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County;

18. Ang Nasasakdal ay magdurusa ng _____ na narapat tulad ng mga sumusunod: mga araw sa kulungan ng Fort Bend County nang walang pakinabang sa panahon ng mabuting pag-aasal (good conduct time), na maaaring
- _____ Simula ng instanter/sa _____ araw ng _____, 20 _____; o
- _____ mga Sabado o Linggo simula sa _____ n.u./n.h. sa ika- _____ araw ng _____, 20 _____, hanggang sa _____ n.u./n.h. sa ika- _____ araw ng _____, 20 _____ at magpapatuloy tuwing Sabado at Linggo hanggang sa mapagsilbihan ang buong panahon ng pagkakulong; o
- _____ Mga kinagabihan na magsisimula sa _____ n.g. sa ika- _____ araw ng _____, 20, _____ hanggang sa _____ n.u. sa kinabukasan; at tuwing gabi pagkatapos nito hanggang sa matapos ang panahon ng pagkakulong;
- Ang utos ng pag-aresto (capias) ay ilalabas nang walang abiso para sa pag-aresto ng Nasasakdal kung ang Nasasakdal ay hindi sumipot sa tamang petsa at oras sa Kulungan ng Fort Bend County at ang balanse ng oras ng pagkakulong ay hindi magiging sa katapusan ng linggo o gabi ngunit sa buong linggo nang walang paglaya hanggang sa matapos ang sentensiya nang buo ;
19. Ang Nasasakdal ay kailangang matapos ang _____ oras ng Restitusyon ng Serbisyo sa Komunidad para sa Fort Bend County tulad ng itinalaga sa pamamagitan ng Tagapag-ugnay sa Restitusyon ng Serbisyo sa Komunida sa tagal na hindi bababa sa apat na oras bawat linggo / labing-anim na oras bawat buwan simula sa, ngunit hindi lalampas sa, 30 araw mula sa petsa ng kautusang ito. Ang mga oras ay dapat matapos sa ika- _____ araw ng _____, 20 _____;
20. Ang Nasasakdal ay dapat tapusin sa loob ng 30 araw ang Kautusang ito, ang isang pagsusuri sa droga / alkohol sa pamamagitan ng isang ahensya, na nag-aalok ng mga naturang serbisyo, at kung saan ay inaprubahan ng Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County. Kung ang paggagamot ay itinuturing na kinakailangan, ang Nasasakdal ay dapat sumunod sa anuman at lahat ng mga tagubilin sa pagpapagamot, sumunod sa mga alituntunin at regulasyon ng aprubadong ahensya at babayaran ang lahat ng mga nagastos para sa mga naturang serbisyo. Ang Nasasakdal ay dapat magpatuloy sa nasabing pagpapagamot hanggang sa matagumpay na matapos tulad ng nakasaad, nang nakasulat, sa pamamagitan ng tagapayo ng Nasasakdal at ng ang Opisyal ng Pagwawasto sa Komunidad ;
21. Ang Nasasakdal ay dapat tapusin sa loob ng 30 araw ng Kautusang ito, ang isang pagsusuring sikolohikal sa pamamagitan ng isang ahensya na nag-aalok ng mga naturang serbisyo at kung saan ay aprobadong ng Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County. Kung ang pagpapagamot ay itinuturing na kinakailangan, ang Nasasakdal ay dapat sumunod sa anuman at lahat ng mga tagubilin sa pagpapagamot, sumunod sa mga alituntunin at regulasyon ng aprubadong ahensya at babayaran ang lahat ng mga nagastos para sa mga naturang serbisyo. Ang Nasasakdal ay dapat magpatuloy sa nasabing pagpapagamot hanggang sa matagumpay na matapos, tulad ng nakasaad, nang nakasulat, sa pamamagitan ng tagapayo ng Nasasakdal at ng ang Opisyal ng Pagwawasto sa Komunidad;
22. Tapusin sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng Kautusang ito, ang isang pagsusuri sa pamamagitan ng Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County na "Literacy Lab." Kung ang karaniwang antas ng kasanayan na kinakailangan sa ilalim ng Artikulo 42.12, Seksyon 11 (c) ay hindi matutugunan, ang Nasasakdal ay lalahok sa programa ng literacy hanggang matugunan ang kinakailangang antas ng kasanayan at sa direksyon ng Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County alinsunod sa pag-aproba ng Hukom ng korte na ito;
23. Ang Nasasakdal ay dapat magbayad ng \$2.50 sa County Clerk ng Fort Bend County kung ang Nasasakdal ay naghahangad na bayaran ang multa, mga gastos sa korte, o mga singil ng abugado sa nakalipas na 30 araw mula sa petsa ng Kautusang ito, sa halip na kaagad;
24. Ang Nasasakdal ay dapat sumulat ng isang liham ng paghingi ng tawad sa biktima, upang isumite sa at aprobahan ng Opisyal ng Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend sa loob ng _____ araw ng Kautusang ito; Rev. 0610 19

25. Ang Nasasakdal ay dapat na makilahok sa Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad ng Fort Bend County () Pagkapinsala ng Kaisipan; () Nagkasala nang Wala pa sa Hustong Gulang; () Pang-aabuso sa Substansya; () Programa ng Nagkasala sa Seks (Sex Offender) sa isang tagal ng panahon na pagpapasiyahan ng Departamento ng Superbisyon at Pagwawasto sa Komunidad, nang hindi lalampas sa dalawang (2) taon;

26. **Huwag makipag-ugnayan**, maging sa personal, sa pamamagitan ng elektronikong komunikasyon, sa nakasulat, sa pamamagitan ng isang ikatlong panig, o kung hindi man ay kasama ang _____

27. _____

